# **4.** Mga benepisyo at serbisyo

## Mga benepisyo ng Medi-Cal na sinasaklaw ng Blue Shield Promise

### Mga serbisyong dental

Gumagamit ang Medi-Cal ng mga pinamamahalaang plano sa pangangalaga para ibigay ang iyong mga serbisyong dental. ~~Para matuto pa, pumunta sa Health Care Options sa http://dhcs.ca.goc/mymedi-cal.~~ Puwede kang manatili sa Bayad para sa Serbisyo sa Dental, o puwede mong piliin ang Pinamamahalaang Pangangalaga sa Dental. Para piliin o palitan ang iyong plano sa dental, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263. Hindi puwedeng nakatala ka sa isang plano ng Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE, Programa ng Ingklusibo sa Lahat na Pangangalaga para sa Matatanda) o Senior Care Action Network (SCAN, Network ng Pagkilos para sa Pangangalaga sa Matatanda) habang nakatala ka isang plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Dental.

~~Inihahatid ng Programa ng~~ Pinamamahalaang Pangangalaga sa Dental ~~ng Medi-Cal ang iyong mga serbisyong dental ng Medi-Cal. Para sa tulong sa paghahanap ng dentista, o para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyong dental, puwede kang tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909 (TTY 711).~~

Sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyong dental, kabilang ang:

- Mga serbisyong diyagnostiko at pang-iwas na serbisyong dental tulad ng mga pagsusuri, X-ray, at paglilinis ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emergency para sa pagkontrol ng pananakit

- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga pagpapasta
- Mga paggamot sa root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratoryo)
- Pag-scale at root planing
- Mga kumpleto o buo at bahagyang pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado
- Topical fluoride

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyong dental, tawagan ang Programa sa Dental ng Medi-Cal sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). Puwede ka ring pumunta sa website ng Programa sa Dental ng Medi-Cal sa https://smilecalifornia.org/.

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyong dental at nakatala ka sa isang plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Dental, tawagan ang iyong nakatalagang plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Dental.

---

# Iba pang sinasaklaw na benepisyo at programa ng Blue Shield Promise

## Pangunahing organ transplant

### *Transplant para sa mga bata sa ilalim ng edad na 21*

Sa Los Angeles County, iniaatas ng batas ng estado na i-refer sa programa ng California Children's Services (CCS, Mga Serbisyo sa Bata sa California) ang mga batang nangangailangan ng mga transplant para makapagpasya kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang mga gastos para sa transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Kung hindi kwalipikado ang bata para sa CCS, ire-refer ng Blue Shield Promise ang bata sa isang kwalipikadong sentro ng transplant para sa pagsusuri. Kung kukumpirmahin ng sentro ng transplant na kakailanganin at ligtas ang transplant, sasaklawin ng Blue Shield Promise ang transplant at mga kaugnay na serbisyo.

~~Dapat i-refer ng Blue Shield Promise ang mga batang kwalipikado sa California~~

~~Children's Services (CCS) sa isang Special Care Center (SCC, Espesyal na Sentro ng Pangangalaga) na aprubado ng CSS para sa isang pagsusuri sa loob ng 72 oras mula nang matukoy ng doktor o espesyalista ng bata na potensyal na kandidato para sa transplant ang nasabing bata. Kung kukumpirmahin ng SCC na kakailanganin at ligtas ang transplant, sasaklawin ng Blue Shield Promise ang transplant at mga kaugnay na serbisyo.~~

~~***Mga gastos sa transportasyon at paglalakbay para sa CCS***~~

~~Posible kang makakuha ng transportasyon, pagkain, matutuluyan, at iba pang gastusin tulad ng paradahan, toll, atbp. kung kailangan mo o ng iyong pamilya mo ng tulong para makapunta sa isang medikal na appointment na nauugnay sa isang kondisyong kwalipikado ng CCS at walang iba pang magagamit na mapagkukunan. Dapat mong tawagan ang Blue Shield Promise at humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago ka magbayad mula sa sariling bulsa para sa transportasyon, mga pagkain, at matutuluyan. Nagbibigay ang Blue Shield Promise ng hindi pangmedikal at hindi pang-emergency na medikal na transportasyon tulad ng nabanggit sa Kabanata 4, "Mga benepisyo at serbisyo."~~

~~Kung matutukoy na kinakailangan ang iyong mga gastos sa transportasyon o paglalakbay at papatotohanan ng Blue Shield Promise na sinubukan mong makakuha ng transportasyon sa pamamagitan ng Blue Shield Promise, posible kang makakuha ng reimbursement mula sa Blue Shield Promise. Dapat ka naming i-reimburse sa loob ng 60 araw ng kalendaryo pagkatapos mong isumite ang mga kinakailangang resibo at patunay ng mga gastos sa transportasyon.~~

~~***Mga serbisyo sa bahay at serbisyong nakabase sa komunidad (HCBS) sa labas ng mga serbisyo ng Waiver Case Manager (WCM, Tagapamahala ng Kaso ng Waive)***~~

~~Kung kwalipikado kang magpatala sa isang 1915(c) waiver, posible kang makakuha ng mga serbisyo sa bahay at serbisyong nakabase sa komunidad na hindi nauugnay sa isang kondisyong kwalipikado sa CCS pero kinakailangan para makapanatili ka sa lugar ng komunidad sa halip na sa isang institusyon. Halimbawa, kung nangangailangan ka ng mga pagbabago sa bahay para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa isang lugar na nakabase sa komunidad, hindi puwedeng bayaran ng Blue Shield Promise ang mga gastusing iyon bilang isang kondisyong may kaugnayan sa CCS. Pero kung nakatala ka sa isang 1915(c) waiver, posibleng masaklaw ang mga pagbabago sa bahay kung medikal na kinakailangan ang mga ito para maiwasan ang institusyonalisasyon.~~